## 1st Period  Ang mga bata na namumuhay sa panahon ng smartphone

### "Paraan ng tamang paggamit" ng smartphone

Gaano na katagal ang nakalipas mula noon nagsimula kaming gumamit ng smartphone?

Siguro, maraming nag-iisip na "Hindi na makakabalik sa panahon na walang smartphone sa pamumuhay!" kahit wala pang smartphone higit sa 10 taon na ang nakakaraan hanggang ngayon.

Hindi katulad namin, nasasanay ang mga bata na madaling nakikita ang smartphone sa pamumuhay mula noon sanggol pa sila. Sa madaling salita, ang kabataan sa kasalukuyan ay namumuhay sa "Panahon ng Smartphone".

Sa iba't-ibang lugar, madalas na nakikita ang maliit na bata na hawak ang smartphone.

Ang galing talaga ng bata. Agad nilang nagagamit ang smartphone nang mas magaling kaysa sa amin habang ginagaya nila ang aming paraan ng paggamit.

Ngunit hindi pa nila alam ang "paraan ng tamang paggamit" ng smartphone kahit mas magaling sila kaysa sa amin.

Siya nga pala, alam ba namin ang "paraan ng tamang paggamit"?

Hindi katulad ng Cyberspace na kahit sino maaaring gumamit sa pamamagitan ng smartphone, sa Real World ay itinuturo namin ang iba't ibang bagay ayon sa kaunlaran ng bawa't bata.

Halimbawa, ang mga itinuturo namin sa Real World ay paraan ng paglalakad sa daan, paraan ng pagsakay ng bisikleta, patakaran na "Huwag sundin ang taong hindi kakilala" at iba pa.

Sa kabila nito, ano ang itinuturo namin sa Cyberspace? Laban sa inyong anak, itinuturo ba ang paraan ng tamang paggamit ng smartphone, panganib ng Cyberspace, solusyon kung magkakaproblema at iba pa?



### Panahon na maaaring kumonekta sa internet sa pamamagitan ng iba't ibang klaseng kagamitan

Dito sa aklat-aralin, tinatawag na "smartphone" ang kagamitan na may konektado sa internet.

Ngunit maraming ibang kagamitan na maaaring kumonekta sa internet tulad ng kompyuter, tableta, feature phone, gaming device, TV at iba pa. Kahit natapos na ang kontrata ng smartphone ay maaarig kumonekta sa internet kung may Wi-Fi.

Tulad nito, maraming kagamitan na maaaring kumonekta sa internet kaya hindi lang smartphone, kundi pati ibang kagamitan ang may posibilidad na maging dahilan ng pinsala na nakasulat sa susunod.

Mangyaring itsek kung ilang ang kagamitan na maaaring kumonekta sa internet sa inyong bahay.



Mag-aral tayo upang ituro ang paraan ng tamang paggamit sa bata.